



“Dali kayo, tignan ninyo!” malakas na ipinamalita ng isang binata habang papalapit ang trak na magdedeliver ng bagong colored TV sa tahanan ng kapitan ng baryo. May mga nakadungaw sa bintana, may ilang papalapit at tumatak-bong bata, humahangos ang lahat. Malugod namang nag-anyaya ang kapitan at nagwika, “Hayaan ninyo mga kaibigan, maya-maya lamang manonood tayong lahat nang sama-sama.” Sabay nagpalakpakan ang magkakapit-bahay. Iba’t iba man ang siste, ganito palagi ang tagpo tuwing may balitang ukol sa kung anong bago sa ating mga pamayanan. Ngunit higit sa lahat ng nabanggit, mas nakatutuwang alalahanin ang sabay-sabay na pananabik at kagalakang dulot ng pagbubuklod, pagsasama-sama, at pagtitipon upang pagsaluhan ang isang bagong bagay o maging mga munting tagumpay.

Sa ganitong paraan din, marahil, maisasalarawan ang galak ng mga alagad at ang kanilang pananabik na ibahagi ang balita na nabuhay na muli ang Panginoon. Pinagbubuklod sila ng karanasang ito. Isang bagong balitang tiyak makatatawag-pansin sa marami, balitang makapagpapanibago sa lahat. Kagila-gililas na balitang hindi ‘agad paniniwalaan ng makaririnig hangga’t hindi nila nakikita. Balitang nagdadala ng dalisay na kagalakan at tunay na kapayapaan.

Muli nating naririnig sa Mabuting Balita ang pakikitagpo ni Hesus sa kanyang mga alagad. Puno ng pananabik at

Laging Kasama



Cl. Buen Andrew Cruz, SSP

kagalakan, nasilayang muli ng mga alagad si Hesus na muling nabuhay. Bagama’t bahagyang may lungkot dala ng paglisan, nanahan sa puso ng mga alagad ang pag-asa ‘pagka’t sa araw ding ito umakyat si Hesus sa Kalangitan. Sa Kanyang pag-akyat sa Langit, bilin ni Hesus sa mga alagad: “Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral sa lahat ang Mabuting balita.” (Marcos 16:15) Gayun din naman, maliwanag ang paanyaya sa unang pagbasa: na magiging mga “saksi” ni Hesus

ang mga alagad “sa Jerusalem, sa buong Judea...at hanggang sa dulo ng daigdig.” (Gawa 1:8) Dito nakatuon ang mensahe ng Pag-akyat sa Langit ni Hesus, sa gampaning marapat isabuhay ng mga alagad: atas na ipahayag ang Mabuting Balita sa lahat.

Mula sa pagsunod bilang mga alagad, ihinanda ni Hesus ang kanilang puso at ispan. Inatasan at pinaging-dapat silang lahat na maging saksi at tagapagpahayag upang maging sa kanilang pamumuhay at gawain bilang pamayanan, maging tanda at huwaran sa lahat, sa kabila ng mga pagsubok at pangamba. Ito rin ang paanyaya ni Hesus sa atin ngayon, sa kanyang mga alagad sa makabagong panahon. Sa gitna ng mga panganib, sakuna, salot, at kalamidad, paano natin ipinahahayag ang Mabuting Balita ng kaligtasan? Sa panahon ng matinding pagsubok at pangamba, paano natin ibinabahagi ang Mabuting Balita ng pag-asa? Sa panahong lugmok na ang lahat sa bigat na dala ng mga hamon ng buhay, paano natin ipinahahayag ang Mabuting Balita ng Pag-ibig?

Tulad ni San Pablo, idalangin natin na patuloy na “liwanagan ng Diyos ang ating mga isip upang malaman ang ating inaasahan... ang kaluwalhatiing laan sa kaniyang mga hinirang...” (Efeso 1:18) Panghawakan natin ang pangako Niya na lagi natin Siyang kasama. At sa oras na tayo naman ang lilisan, naroon Siya’t naghihintay para sa atin sa piling ng Ama. Huwag mangamba, humayo’t ipahayag si Hesus, ang ating Mabuting Balita sa isip, sa salita, at sa gawa.

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok

(Gawa 1:11)

(Basahin kung walang pambungad na awit.)

Taga-Galileang tanan, ang inyong pinagmamasdang umakyat sa kalangitan ay magbabalik din naman. Aleluya, s'ya'y awitan!

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus.)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumainyo rin.

Paunang Salita

(Maaring gamitin ito o kahalintulad na pahayag.)

P—Ipinahahayag ng dakilang kapistahan ng Pag-akyat ni Jesus sa langit ang hantungan ng pagmimisyon ni Jesus sa daigdig. Ngunit hindi niya tuluyang iiwan ang kanyang mga alagad. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, sasamahan niya sila sa paghahatid ng Mabuting Balita at sa pagtatatag ng mga pamayanang Kristiyano.

Pagsisisi

P—Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang. *(Tumahimik)*

B—Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala *(lahat ay dadagok sa dibdib)* sa isip, sa salita, sa gawa at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Kristo, kaawaan mo kami.

B—Kristo, kaawaan mo kami.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Jesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Jesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, gawin mong kami ay magkaroon ng banal na kagalakan at makapagdiwang nang may utang na loob sapagkat ang iyong Anak na aming Manunubos ay siyang tagapaghanda ng aming pananahanan na kanyang pinanggalingan upang kami'y panguluhan at kanyang tinunguhan upang maging pagasa kailan man ng sambayanan niyang kanya ring katawan bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa (Gawa 1:1-1)

(Umupo)

Ayon kay San Lucas, ang pagpapahayag ng mabuting balita ng kaligtasan ay hindi nagwakas sa pagbabalik ni Jesus sa Ama. Bagkus, ibibigay ni Jesus sa mga apostol ang Espiritu Santo upang patuloy nilang ipahayag at patotohanan ang Ebanghelyo.

Pagbasa mula sa mga Gawa ng mga Apostol

MAHAL na Teofilo: Isinalaysay ko sa aking unang aklat ang lahat ng ginawa at itinuro ni Jesus buhat sa pasimula hanggang sa araw na siya'y umakyat sa langit. Bago siya umakyat, tinagubilinan niya sa pamamagitan ng Espiritu Santo ang mga apostol na kanyang hinirang. Pagkatapos ng kanyang pagbabata, maraming ulit siyang napakita sa kanila. Sa gayon, napatunayang siya'y buhay. Napakita siya sa kanila sa loob ng apatnapung araw at nagturo tungkol sa paghahari ng Diyos. At samantalang siya'y kasama-sama pa nila, kanyang tinagubilinan sila: "Huwag muna kayong aalis sa Jerusalem. Hintayin ninyo roon ang ipinangako ng Ama na sinabi ko na sa inyo. Nagbinyag nga sa tubig si Juan, ngunit di na magtatagal at bibinyagan kayo sa Espiritu Santo."

Kaya't nang magkasama-sama si Jesus at ang mga alagad, nagtanong ang mga ito, "Panginoon, itatatag na ba ninyong muli ang kaharian ng Israel?" Sumagot siya, "Ang mga panahon at sandali ay itinakda ng Ama sa kanyang sariling kapangyarihan, at hindi na kailangan pang malaman ninyo kung kailan iyon. Ngunit bibigyan kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig." Pagkasabi nito, siya'y iniakyat sa langit samantalang nakatingin sila sa kanya; at natakpan siya ng ulap.

Habang sila'y nakatitig sa langit, dalawang lalaking nakaputi ang biglang tumayo sa tabi nila. "Mga taga-Galilea," sabi nila, "Bakit kayo narito't nakatingala sa langit? Itong si Jesus na umakyat sa langit ay magbabalik tulad ng nakita ninyong pag-akyat niya."

—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 47)

T—Habang umaakyat ang D'yos, ang tambuli'y tumutunog.

Fm Bbm
Habang u-ma-ak - yat ang

3 C7
D'yos ang tam - bu - li'y

4 Fm
tu - mu - tu - nog

1. Magdiwang ang lahat ng mga nilikha,/ pumalakpak kayong may awit at tuwa/ bilang pagpupuri sa Diyos na Dakila!/ Ang Diyos na Poon, Kataas-taasan,/ ay dakilang haring dapat katakutan,/ Siya'y naghahari sa sangkatauhan. (T)

2. Umakyat sa trono ang Panginoong Diyos/ hatid ng tambuling malakas ang tunog;/ masayang sigawan ang ipinansuob./ Purihin ang Diyos, siya ay awitan,/ awitan ang hari, siya'y papurihan! (T)

3. Ang Diyos, siyang hari ng lahat ng bansa,/ awita't purihin ng mga nilikha!/ Maghahari siya sa lahat ng bansa,/ magmula sa tronong banal at dakila. (T)

Ikalawang Pagbasa (Ef 1:17-23)

Iपालिलिwanag ni San Pablo na ang pag-akyat ni Jesus sa kalangitan ay tanda at patotoo sa kanyang pagkaluklok sa kanan ng Ama. Ibabahagi ni Jesus sa bawat kasapi ng kanyang Simbahan ang karangalang kanyang tinanggap.

Pagbasa sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso

MGA KAPATID: Hinihiling ko sa Diyos ng ating Panginoong Jesukristo, ang dakilang Ama, na pagkalooban niya kayo ng espiritu ng karunungan at ng tunay na pagkakilala sa kanya. Nawa'y liwanagan ng Diyos ang inyong mga isip upang malaman ninyo ang ating inaasahan sa kanyang pagkatawag sa atin. Ito'y ang kaluwalhatian ng inilaan niya sa kanyang mga hinirang, at ang walang hanggang kapangyarihan niya sa atin na mga nananalig sa kanya. Ang kapangyarihan ding iyon ang muling bumuhay kay Kristo at nagluklok sa kanya sa kalangitan, sa kanan ng Diyos. Kaya't nasa ilalim ng kapangyarihan ni Kristo ang lahat ng paghahari, kapamahalaan, kapangyarihan, at pamunuan.

Higit ang kanyang pangalan kaysa lahat ng pangalan, hindi lamang sa panahong ito kundi pati sa darating. Ipinailalim ng Diyos sa kapangyarihan ni Kristo ang lahat ng bagay, at siya ang ginawang ulo ng Simbahan. Ito ang katawan ni Kristo, ang kapuspusan niya na pumupuspos sa lahat-lahat.

—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Alaluya (Mt 28:19a, -20b) (Tumayo)

B—Alaluya! Alaluya! Humayo't magturo kayo palaging kasama ako hanggang sa wakas ng mundo. Alaluya! Alaluya!

Mabuting Balita (Mc 16:15-20)

P—Ang wakas ng Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

B—Papuri sa iyo, Panginoon.

NOONG panahong iyon: Napakita si Jesus sa Labing-isa at sinabi sa kanila, “Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ninyo sa lahat ang Mabuting Balita. Ang sumampalataya at mabinyagan ay maliligtas, ngunit ang hindi sumampalataya ay parurusahan. Ang mga sumasampalataya ay magtataglay ng ganitong tanda ng kapangyarihan: sa pangalan ko'y magpapalayas sila ng mga demonyo at magsasalita ng ibang wika; sila'y hindi maaano dumampot man ng ahas o uminom ng lason; at gagaling ang mga maysakit na mapatungan ng kanilang mga kamay.”

Pagkatapos magsalita sa kanila, ang Panginoong Jesus ay iniakyat sa langit, at lumuklok sa kanan ng Diyos. Humayo nga ang mga alagad at nangaral sa lahat ng dako. Tinulungan sila ng Panginoon sa gawaing ito. Pinatotohanan niya ang Salitang kanilang ipinangangaral sa pamamagitan ng kapangyarihang gumawa ng himala, na ipinagkaloob niya sa kanila.

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Jesukristo.

Homiliya (Umupo)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (Tumayo)

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Jesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inililing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao, nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggang. Amen.

Panalangin ng Bayan

P—Ang maluwalhating pag-akyat ni Jesus sa kalangitan ay hudyat ng kanyang patuloy na pamamagitan sa Diyos at sa tao. Idulog natin sa Amang nasa langit ang ating mga panalangin at ang pangangailangan ng Simbahan. Ating sabihin:

T—Panginoon ng kaluwalhatian, dinggin mo kami.

L—Patuloy nawang magpatotoo ang Santo Papa, mga obispo, mga pari, at mga diyakono sa Magandang Balita ni Jesukristo lalo na sa panahon ng karahasan, mga pang-aabuso at kasinungalingan. Manalangin tayo: (T)

L—Gampanan nawa ng mga namumuno sa pamahalaan ang kanilang tungkuling magpahayag ng katotohanan nang may paggalang sa mga karapatang pantao. Manalangin tayo: (T)

L—Puspusin nawa ng Espiritu ng Panginoon ang mga mamamahayag na dumaranas ng paggigipit dahil sa tapat nilang pagtupad sa kanilang tungkulin. Manalangin tayo: (T)

L—Maging aktibo nawa ang mga relihiyoso at relihiyosa sa paggamit ng makabagong pamamaraan ng pagpapatotoo nila sa Salita ng Diyos. Manalangin tayo: (T)

L—Mapuspos nawa ng galak at kapanatagan ng loob ang mga nanay sa kanilang patuloy na paglilingkod sa kanilang pamilya at maging matatag nawa sila sa gitna ng mga pagsubok. Manalangin tayo: (T)

P—Dakilang Ama, bumalik na ang iyong Anak upang makibahagi sa kaluwalhatian mo. Patuloy nawa namin siyang makikilala at mapaglingkuran sa aming pagpapahayag ng Mabuting Balita sa lahat ng tao, lalung-lalo na sa tulong ng makabagong teknolohiya.

Hinihiling namin ito sa ngalan ni Kristong aming Panginoon.

B—Amen.

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



Paghahain ng Alay (Tumayo)

P—Manalangin kayo...

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, pakundangan sa pag-akyat ng Anak mong mahal ginaganap namin ang paghahain nang may kapakumbabaan at ipagkaloob mong sa ganitong pagpapalitan ng mga kaloob at ng aming mga alay kami ay makasalo sa pagkabuhay at pag-akyat sa kalangitan sa pamamagitan ni Jesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

Prepasyo (Pag-akyat I)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

P—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B—Itinaas na namin sa Panginoon.

P—Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

B—Marapat na siya ay pasalamat.

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Kasama't kamatayan matapos na lupigin ng Anak mong si Jesus na Panginoon namin, siya ngayo'y umakyat sa iyong piling bilang Haring

dakilang sinasamba ng mga anghel. Siya ang aming tagapamagitan nakikiusap sa iyo para sa tanan. Siya ang tagapasya sa lupa't kalangitan. Hindi niya iwinaksi ang aba naming pagkatao sa pagluklok sa kanan mo. Sapagkat kami ang katawan at siya ang ulo, ang pag-akyat niya'y katiyakang sasapit kami sa iyo.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, Santo, Santo... (Lumuhod)

Pagbubunyi (Tumayo)

B—Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay. Poong Jesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B—Ama namin...

P—Hinihiling naming...

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinabang (Lumuhod)

P—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon (Mt 28:20)

Palaging kasama ako, palaging kapiling ninyo hanggang sa wakas ng mundo, ang sabi ni Jesukristo. Aleluya, awit sa 'yo.

Panalangin Pagkapakinabang (Tumayo)

P—Ama naming mapagmahal, pinagkalooban mo kami ng pagkakataon na akuin sa lupa ang ginagawa mo at nilalayon. Gawin mong ang loobin namin ay maton sa iyong pinagluluklukan sa Anak mo ngayon upang

kaparis naming tao sa piling mo siya'y mamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

PAGTATAPOS

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P—Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. (Tumahimik)

Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos Ama sa araw na ito ng pagdiriwang ng pag-akyat sa langit ng kanyang Anak upang buksan ang pinto ng aakyat ninyo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen.

P—Katulad ng pagpapakita ni Jesukristo sa mga alagad matapos na siya'y mabuhay na muli, ipagkaloob nawang siya'y magpakita sa inyo nang may awa sa paghuhukom para sa buhay na walang hanggan.

B—Amen.

P—Kayong mga nanalig na lumuklok si Kristo sa kanang kamay ng Diyos Ama ay makadama nawa ng kagalakang hatid ng kanyang pamamalagi sa inyong piling hanggang sa katapusan alinsunod sa pangako niya magpasawalang hanggan.

B—Amen.

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.

B—Amen.

Pangwakas

P - Taglayin ninyo sa inyong pag-alis ang kapayapaan ni Kristo.

B - Salamat sa Diyos.

BE A PRIEST OR A BROTHER OF MASS MEDIA

If you are a Grade 12 student, a college student, or a young professional, male, single, and interested to become a priest or a brother involved in the apostolate of social communication, we invite you to journey with us.

**Visit our websites:
ssp.ph or stpauls.ph**